

MGA KARAPATAN NG BIKTIMA SA CANADA

MGA PAGBABAWAL SA PAGLALATHALA PARA SA MGA KASO SA KORTE

Ano ang pagbabawal sa paglalathala?

Ang pagbabawal sa paglalathala ay isang kautusan na ginawa ng korte na pumipigil sa sinuman na maglathala, mag-broadcast, o magpadala (tulad ng pagbabahagi sa social media) ng anumang impormasyon na maaaring makakilala sa isang biktima, saksi, o iba pang tao na napapailalim sa kautusan. Marami sa mga panuntunan na namamahala sa mga pagbabawal sa paglalathala ay nakatakda sa *Criminal Code*.

Ang mga pagbabawal sa paglalathala ay nagbibigay-daan sa mga biktima at saksi, at iba pa, na makibahagi sa sistema ng hustisyang pangkriminal nang hindi dinaranas ang mga negatibong kahihinatnan kapag nakilala sila sa publiko. Sa ilang sitwasyon, maaari ding ipag-utos ang pagbabawal sa paglalathala para pigilan ang pagsisiwalat ng impormasyon na maaaring makakilala sa isang tagahatol, tagausig, o hukom. Maaari ding ipag-utos ang mga pagbabawal sa paglalathala sa mga kasong may kaugnayan sa organisadong krimen, terorismo, o pambansang seguridad.

Nag-iiba-iba ang tagal ng pagbabawal sa paglalathala batay sa kaso. Ang ilan ay may bisa hanggang sa alisin ang mga ito at ang iba ay may bisa lang sa loob ng isang partikular na yugto ng panahon.

Nilalayon ng mga pagbabawal sa paglalathala na:

- hikayatin ang mga biktima ng mga sekswal na paglabag na mag-ulat sa ilalim ng mga iniulat na krimen sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanilang pagkakakilanlan
- protektahan ang pagkakakilanlan ng tagahatol
- protektahan ang mga biktima at nasa peligro na mga saksi

- pigilan ang paglalathala ng pangalan ng isang kabataang kinasuhan dahil sa isang krimen
- bigyan ng katiyakan ang mga biktima at mga saksi na natatakot na tumestigo
- tiyakin ang isang patas na paglilitis
- protektahan ang pagkapribado ng mga bahagi ng sistema ng hustisya

Ano ang mangyayari kapag ipinag-utos na ang pagbabawal sa paglalathala?

Kapag umiiral na ang pagbabawal sa paglalathala, ang anumang impormasyon na maaaring tumukoy sa taong pinoprotektahan ng pagbabawal sa paglalathala ay hindi maaaring ilathala sa anumang dokumento, i-broadcast, o ipadala sa anumang paraan. Maaaring kabilang sa impormasyong maaaring magturo sa pagkakakilanlan ng tao ang pangalan ng biktima, mga detalye tulad ng kung saan naganap ang paglabag, ang ugnayan sa pagitan ng biktima at ng akusado/lumabag, o ang pangalan ng akusado/lumabag.

Nalalapat sa lahat ang mga tuntunin ng pagbabawal sa paglalathala, kabilang ang mga tao na ang pagkakakilanlan ay pinoprotektahan ng pagbabawal sa paglalathala. Ibig sabihin, nang may ilang pagbubukod, pati ang tao na ang pagkakakilanlan o impormasyon ay pinoprotektahan ng isang pagbabawal sa paglalathala ay hindi makakapaglathala ng anumang dokumento o makakapag-broadcast, o makakapagpadala ng impormasyon na tumutukoy sa kanya bilang may kaugnayan sa krimen.



KARAPATAN SA
IMPORMASYON



KARAPATANG
MAPROTEKTAHAN



KARAPATANG
MAKIBAHAGI



KARAPATANG HUMINGI
NG BAYAD-PINSALA



KARAPATANG
GUMAWA NG REKLAMO



Department of Justice
Canada

Ministère de la Justice
Canada

Canada

MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

May mga pagbubukod na itinakda sa *Criminal Code* kung kailan ang isang taong pinoprotektahan ng pagbabawal sa paglalathala ay papayagang magsalita tungkol sa ilang impormasyon. Halimbawa, ang mga ipinag-utos na pagbabawal sa paglalathala para protektahan ang pagkakakilanlan ng isang biktima ng isang sekswal na paglabag ay hindi nalalapat sa:

- taong napapailalim sa isang pagbabawal sa paglalathala na nagsisiwalat ng impormasyong tungkol sa kanyang sarili, sa anumang forum at para sa anumang layunin, hangga't hindi niya ibinubunyag ang pagkakakilanlan ng ibang taong napapailalim sa isang pagbabawal sa paglalathala

- taong napapailalim sa isang pagbabawal sa paglalathala kung magbubunyag siya ng impormasyon sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, grupo ng suporta, tagapayo, legal na propesyonal, o sa isang taong pinagkakatiwalaan niya (hal., isang malapit na kaibigan o miyembro ng pamilya)

Proseso para sa pag-uutos ng pagbabawal sa paglalathala

Mayroong dalawang pangunahing proseso para sa mga pagbabawal sa paglalathala, depende sa kung sino ang nais protektahan ng mga ito. Ang isang uri ay **mandatory**, ibig sabihin, kapag hiniling ito, dapat itong ipag-utos, at ang isa ay ayon sa pagpapasya, ibig sabihin, kailangang magpasya ng isang hukom kung ang pagbabawal sa paglalathala ay ang pinakamainam na gawin.

Mga mandatoryong pagbabawal

Kapag hiniling, dapat itong ipag-utos.

Nalalapat ang mga pagbabawal na ito sa:

- mga biktima ng mga sekswal na paglabag
- mga saksi ng mga sekswal na paglabag na wala pang 18 taong gulang
- lahat ng biktima na wala pang 18 taong gulang (anumang klase ng paglabag)

Sa lahat ng kaso, dapat ipaalam ng tagausig sa mga biktima at saksi na sila ay may karapatang humiling ng pagbawi ng o pagbabago sa kautusan.

Proseso

Gagawa ng aplikasyon sa korte.

Kung ang biktima o saksi ay **naroroon** sa korte.

Itatanong ng hukom o mahistrado kung gusto ng biktima o saksi ng pagbabawal sa paglalathala.

Kung oo, ipag-uutos ang pagbabawal.

Kung hindi, hindi ipag-uutos ang pagbabawal, (maliban sa mga pambihirang sitwasyon, tulad ng pagprotekta sa mga pagkakakilanlan ng iba pang biktima).

Kung **WALA** ang biktima o saksi sa korte.

Tatanungin ng tagausig ang biktima o saksi kung gusto niya ng pagbabawal sa paglalathala sa lalong madaling panahon.

Kung oo, papanatilihin ang pagbabawal.

Kung hindi, maaaring isailalim ang pagbabawal sa pagsasawalang-bisa (maliban sa mga pambihirang sitwasyon, tulad ng pagprotekta sa mga pagkakakilanlan ng iba pang biktima).

Mga pagbabawal ayon sa pagpapasya


Ang sinumang gustong magkaroon ng pagbabawal sa paglalathala ay maaaring humiling nito. Kapag hiniling, magpapasya ang isang hukom o mahistrado kung ang pagbabawal sa paglalathala ay ang pinakamainam na gawin.

Nalalapat ang mga pagbabawal na ito sa:

- sinumang biktima na mas matanda sa 18 taong gulang
- sinumang biktima o saksi na hindi saklaw ng isang mandatoryong pagbabawal
- sa ilang partikular na kaso, mga bahagi ng sistema ng hustisya (tulad ng mga tagahatol, hukom, tagausig)

Sa lahat ng kaso, dapat ipaalam ng tagausig sa mga biktima at saksi na sila ay may karapatang humiling ng pagbawi ng o pagbabago sa kautusan.

Proseso



Paano nagpapasya ang hukom o mahistrado na ipag-utos ang isang pagbabawal sa paglalathala ayon sa pagpapasya?

Sa mga sitwasyon kung saan ang pagbabawal sa paglalathala ay pinag-iisipan para sa isang biktima/saksi o bahagi ng sistema ng hustisya, isasaalang-alang ng hukom o mahistrado ang mga kagustuhan ng taong iyon. Mayroon ding ilang salik ayon sa batas na dapat isaalang-alang, kabilang ang:

- karapatan sa isang patas at pampublikong pagdinig
- kung may tunay at malaking panganib na ang biktima, saksi, o bahagi ng sistema ng hustisya ay mapahamak kapag naisiwalat ang kanyang pagkakakilanlan
- kung kailangan ang kautusan para protektahan ang seguridad ng isang biktima, saksi, o bahagi ng sistema ng hustisya o para protektahan sila mula sa pananakot o paghihiganti
- ikabubuti ng lipunan sa paghihikayat sa pag-uulat ng mga paglabag at ang pakikibahagi ng mga biktima, saksi, at, bahagi ng sistema ng hustisya sa proseso ng hustisyang pangkriminal.

Maaari bang baguhin o bawiin ang pagbabawal sa paglalathala?

Ang isang biktima, saksi, o bahagi ng sistema ng hustisya ay maaaring magpasya na hindi na niya gustong sumailalim sa pagbabawal sa paglalathala o maaaring naisin niya na baguhin ang ilang kondisyon. Kung iyon ang sitwasyon, dapat niya itong ipaalam sa tagausig, sa lalong madaling panahon, na gagawa ng aplikasyon para sa kanya. Sa ilang sitwasyon, maaaring naisin ng isang biktima o saksi na panatilihin ang kanyang sariling legal na kinatawan para mag-apply na baguhin o bawiin para sa kanya ang pagbabawal sa paglalathala.

Kung naniniwala ang Korte na ang pagbabago o pagpapawalang-bisa sa kautusan ay hindi makakaapekto sa mga interes sa pagkapribado ng ibang tao na napapailalim sa anumang kautusan sa pagbabawal sa paglalathala, dapat nitong pagbigyan ang aplikasyon nang hindi nagsasagawa ng pagdinig. Kung hindi, dapat magsagawa ng pagdinig ang Korte para malaman kung ang kautusan ay maaaring baguhin o bawiin.

Ano ang proseso para mabago o mabawi ang pagbabawal sa paglalathala?

Ipaalam sa Korte ang kahilingan na baguhin o bawiin ang pagbabawal sa paglalathala.

Basta't hindi nakakaapekto ang aplikasyon sa mga interes sa pagkapribado ng ibang tao na may pagkakakilanlang pinoprotektahan ng isang pagbabawal sa paglalathala, dapat baguhin o bawiin ang pagbabawal sa paglalathala.

Kailangang magsagawa ng pagdinig kung naniniwala ang Korte na maaaring maapektuhan ang mga interes sa pagkapribado ng ibang tao na may pagkakakilanlang pinoprotektahan ng isang pagbabawal sa paglalathala.

Pag-iisipan ng Korte kung posibleng baguhin o bawiin ang kautusan habang pinoprotektahan ang mga interes sa pagkapribado ng ibang tao.

Sa anumang sitwasyon, kapag binago o binawi ang pagbabawal sa paglalathala, dapat ipaalam ng tagausig sa mga akusado ang tungkol dito.

Anong mga kamakailang pagbabago ang ginawa sa mga pagbabawal sa paglalathala?

Noong Oktubre 26, 2023, nagkaroon ng bisa ang mga pagbabago sa *Criminal Code* na nagdulot ng pagbabago sa mga probisyon ng pagbabawal sa paglalathala para sa mga biktima, saksi, at bahagi ng sistema ng hustisya. Nilayon ng mga pagbabagong iyon na:

- mag-atas ng mas direktang pakikipag-usap sa mga biktima tungkol sa kung dapat bang ipataw ang isang pagbabawal sa paglalathala
- bigyan ang mga biktima, saksi, at bahagi ng sistema ng hustisya ng mas malinaw na boses sa proseso ng hustisyang pangkriminal at tratuhin nang may habag, paggalang, at dignidad
- pagbutihin ang proseso para baguhin at bawiin ang mga pagbabawal sa paglalathala para gawin itong mas malinaw at mas madaling sundin
- linawin na ang isang tao na napapailalim sa isang pagbabawal sa paglalathala ay maaaring magbahagi ng kanyang sariling impormasyon sa ilang partikular na sitwasyon, kabilang ang sa mga pribadong pag-uusap at para humingi ng suporta
- magbigay ng kalinawan na ang opinyon ng akusado o lumabag ay hindi isang mahalagang salik sa pagbawi o pagbabago ng isang pagbabawal sa paglalathala

- linawin kung kailan hindi isasagawa ang isang pag-uusig para sa paglabag sa pagbabawal sa paglalathala
- magbigay ng proteksyon sa mga biktima, saksi, at bahagi ng sistema ng hustisya na pipiliing panatilihin ang pagbabawal sa paglalathala ngunit nais pa ring ibahagi ang kanilang personal na impormasyon

Ang mga pagbabagong ito may bisa kaagad at nalalapad sa lahat ng pagbabawal sa paglalathala na inisyu sa ilalim ng seksyon 486.4 at 486.5 ng *Criminal Code*, kabilang ang mga naisyu na.

Saan makikita ang higit pang impormasyon?

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay biktima ng krimen, makakatanggap kayo ng tulong. Ang lahat ng lalawigan at teritoryo ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen at maaaring magbigay ng suporta kung kailangan mo ng impormasyon o iba pang tulong. Matutulungan ka ng [Victim Services Directory](#) na makita ang mga serbisyo sa biktima na malapit sa iyo.

Para malaman ang higit pa tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng Katipunan ng Mga Karapatan ng Mga Biktima sa Canada, o para maghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa [Office of the Federal Ombudsman for Victims of Crime](#).

Disclaimer

Naglalaman ang fact sheet na ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng mga biktima. Pangkalahatan ang impormasyong ito at hindi nakalaan bilang kapalit ng legal na payo ng propesyonal. Para sa legal na payo o tulong, inirerekomenda naming makipag-ugnayan sa isang abogado o programa sa legal na tulong.

© His Majesty the King in Right of Canada, as represented by the Minister of Justice and Attorney General of Canada, 2025

J2-412/8-2024Tgl-PDF
ISBN 978-0-660-79441-9